
# Protektahan ang iyong anak ng bakuna na BCG

## Ano ang TB (tuberculosis)?



Ang TB ay isang impeksyon na kumakalat sa pamamagitan ng hangin at pangunahing nakakaapekto sa mga baga. Ito ay nagagamot, ngunit maaaring matagal ang gamutan.

Pangunahing inaapektuhan ng TB ang mga baga, ngunit maaari din nitong apektuhan ang mga iba pang bahagi ng katawan. Ang mga maliliit na bata ay mas malamang na magkaroon ng TB sa mga iba pang bahagi ng katawan, katulad ng utak (TB meningitis). Karaniwang nagagamot ang TB gamit ang tamang mga gamot, ngunit matagal ang gamutan.

## Sino ang nangangailangang mabakunahan ng BCG?



Ang bakuna na BCG ay nagbibigay ng proteksyon mula sa TB. Sa Ireland, karamihan ng mga bata ay hindi nangangailangan ng bakuna na BCG dahil hindi na karaniwan ngayon ang TB.

Iniaalok namin ang BCG sa mga bata na wala pang 12 buwan ang edad na nasa mas mataas na panganib na madapuan ng TB. Ang mga batang ito ay ang mga wala pang 12 buwan ang edad at:

- nakatira sa bahay kung saan kasama ang isang tao na ipinanganak sa bansa na may mataas na mga antas ng TB.
- ipinanganak sa o tumira nang higit sa tatlong buwan sa isang bansa na may mataas na mga antas ng TB at hindi pa nabakunahan ng BCG.
- ipinanganak sa mga magulang, o regular na nakikipag-ugnayan sa mga tao, na may hindi ginagamot na TB.

Makikita mo ang lahat ng bansa na may mataas na mga antas ng TB sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng World Health Organization:

- www.who.int/health-topics/tuberculosis

Paminsan-minsan maaaring irekomenda na mabakunahan ng BCG ang ibang mga bata - kung papayuhan ka ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan na gawin ito.

## Sino ang hindi dapat mabakunahan ng BCG?

Ang ilang mga bata ay hindi dapat mabakunahan ng BCG. Kakausapin ka ng nars o doktor bago ang pagbabakuna upang tiyakin na naaangkop ang bakuna na BCG para sa iyong sanggol.

## Kung maysakit ang iyong anak, ipagpaliban ang pagbabakuna.

Kung maysakit ang iyong anak at may mataas na temperatura (mas mataas sa 38 degrees Celsius), dapat mong ipagpaliban ang bakuna na BCG hanggang gumaling ang iyong anak.


Kung hindi ka sigurado kung dapat mabakunahan ang iyong sanggol, tanungin ang iyong doktor o nars: **"Kailangan ba ng aking sanggol ang bakuna na BCG?"**

**Para sa higit pang impormasyon bisitahin ang hse.ie/bcg**

Plain English Approved by NALA

## Bago ang pagbabakuna

### Pagsusuri sa pamamagitan ng pagtusok sa sakong para sa mga sanggol



Ang mga magulang ng lahat ng sanggol na ipinanganak sa Ireland ay inaalok ng pagsusuri sa pamamagitan ng pagtusok sa sakong para sa kanilang mga sanggol sa loob ng isang linggo pagkapanganak.

Ang mga magulang ng mga sanggol na lumipat sa Ireland noong wala pang 12 buwan ang kanilang mga sanggol ay inaalok din ng pagsusuri sa pamamagitan ng pagtusok sa sakong para sa kanilang mga sanggol.

Tinitingnan ng pagsusuring ito ang ilang mga seryosong medikal na kondisyon kabilang ang mga kondisyon na nakakaapekto sa sistema ng katawan na panlaban sa sakit. Kailangan naming tingnan ang mga resulta ng pagsusuri na ito bago namin maaaring bigyan ang iyong anak ng bakuna na BCG.

### Suriin kung ang iyong sanggol o mas matandang anak ay nalantad sa TB

Dapat masuri ang iyong sanggol bago niya matanggap ang bakuna na BCG kung siya ay:

- ipinanganak sa isang bansa na may mataas na mga antas ng TB.
- nakatira sa isang bansa na may mataas na mga antas ng TB nang higit sa 3 buwan.
- ay kontak ng isang hindi ginagamot na kaso ng TB.

Tinitingnan ng pagsusuring ito kung naimpeksyon na siya ng TB.



## Kailangan ko bang ipagpaliban ang pagkuha ng mga iba pang pambatang bakuna kung mabakunahan ang aking anak ng BCG?

Hindi. Maaari naming ibigay ang mga pambatang bakuna sa anumang oras pagkatapos ng bakuna na BCG. Hindi mo dapat ipagpaliban ang pagtatakda ng mga ito para sa iyong anak.

Kung ang isang mas matandang bata ay nangangailangan ng bakuna sa loob ng 3 buwan matapos mabakunahan ng BCG, dapat nilang kunin ang bakuna sa kabilang braso.



## Pag-uulat ng mga hindi kanais-nais na epekto

Kung iniisip mo na ikaw o ang iyong anak ay nagkaroon ng hindi kanais-nais na epekto pagkatapos matanggap ang isang bakuna, maaari mo itong iulat sa Health Products Regulatory Authority (HPRA) sa www.hpra.ie. Maaari ding iulat ng iyong doktor, nars, parmasyutiko o miyembro ng pamilya ang hindi kanais-nais na epekto sa HPRA.

Makikita mo rin ang mga link sa mga pulyeto ng impormasyon ng pasyente para sa bakuna sa **www.hpra.ie.** Hanapin ang bakuna na BCG upang basahin ang naaangkop na impormasyon.

Hunyo 2026.